



Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro

Kapag Miyembro ka ng SCFHP, may mga karapatan at responsibilidad ka at ang iyong pamilya. Ang mga karapatan ay yaong mga inaasahan mong matanggap, kabilang ang mga kinakailangang pagpapagamot at impormasyon. Ang mga responsibilidad ay yaong mga inaasahan naming gagawin mo. Ipinapakita sa susunod na dalawang listahan, Mga Karapatan ng Miyembro at Mga Responsibilidad ng Miyembro, itong mga karapatan at responsibilidad.

Mga Karapatan ng Miyembro

Bilang Miyembro ng SCFHP, mayroon kang karapatan na:

- Pakitunguhan nang may paggalang at kagandahang-loob anuman ang iyong kasarian, kultura, wika, hitsura, seksuwal na kagustuhan, lahi, kapansanan, o pinagmumulan ng bayad.
- Malinaw na sabihan tungkol sa mga nakahandang Serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at kung paano makukuha ang mga ito.
- Tumanggap ng materyales para sa Miyembro na nakasulat sa Ingles, Espanyol, Vietnamese, o mga alternatibong format, kabilang ang Braille, malalaking print at mga audio format kapag hiniling.
- Pumili ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o klinika bilang Primary Care Tagapagbigay (PCP) mo. Ibibigay o isasayos ng iyong PCP ang lahat ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.
- Tumanggap ng kinakailangan at naaangkop na pangangalagang medikal, kabilang ang mga pang-iwas na Serbisyon pangkalusugan at Edukasyong Pangkalusugan.
- Ma-access ang mga Serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga Federally Qualified Health Center, mga Indian Health Services Facility, mga Serbisyo sa sexually transmitted disease, at mga Serbisyon Pang-Emergency sa labas ng network ng SCFHP alinsunod sa batas federal.
- Ma-access ang mga Serbisyo para sa pahintulot ng menor de edad.
- Malaman at maunawaan ang iyong medikal na kondisyon ayon sa nasuri ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan; malaman kung ano ang planong gawin ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang magamot ang kondisyon; malaman kung anong mga resulta ang maaari mong asahan; at malaman kung ano ang magiging epekto ng paggamot sa iyong pang-araw araw na pamumuhay.
- Aktibong lumahok sa mga pagpapasya tungkol sa iyong medikal na pangangalaga. Kung pinahihintulutan ng batas, may karapatan kang tanggihan o ipatigil ang paggamot.
- Bumuo ng mga paunang direktiba.
- Maipaliwanag sa iyo ang kahulugan at mga limit ng pagiging Lihim.
- Gawing Lihim ang iyong mga talang pangkalusugan, maliban kung hiningi ng batas ang pagbubunyag o pinahihintulutan mo sa isang kasulatan. May sapat na paunawa, may

karapatan kang tingnan ang iyong Pinangangalagaang Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information (PHI)), gaya ng pinapayagan ng batas.

- Malaman na kung kailangan kang ilipat mula sa isang Ospital papunta sa isa pa, maaari kang makatanggap ng impormasyon kung bakit kailangan kang ilipat at tungkol sa iba pang mga pagpipilian mo.
- Makatanggap ng Ikalawang Opinyon mula sa isa pang Doktor ng Plano tungkol sa iyong diyagnosis, panukalang plano ng paggamot, at iba pang mga nakahandang opsiyon.
- Malaman kung paano makakuha ng tulong at malutas ang mga problema; malaman kung paano maghain ng Karaingan o Apela sa SCFHP; malaman kung paano humiling ng State Fair Hearing. Maunawaan kung paano gamitin ang proseso ng Karaingan o State Fair Hearing (Patas na Pagdinig ng Estado) nang walang pangambang maantala o mawala ang pangangalagang pangkalusugan, o ang panganib sa paghihiganti.
- Makibahagi sa pagtatatag ng patakarang pampubliko ng SCFHP, sa pamamagitan ng pagdalo at/o pagsali sa Consumer Advisory Committee ng SCFHP at pagdalo sa anumang pagpupulong ng Lupong Tagapangasiwa ng SCFHP.
- Magkaroon ng Interpreter na nagsasalita sa iyong wika (kabilang ang Sign Language) nakahanda 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, nang wala kang binabayaran.
- Maghain ng Karaingan kung hindi natugunan ang iyong mga pangangailangang pangkultura at pangwika.
- Umalis sa pagkakatala mula sa SCFHP.
- Maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpipigil o pagbubukod na ginamit bilang paraan ng pamimilit (coercion), pagdidisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti.
- Kalayaang magamit ang mga karapatang ito nang hindi naapektuhan nang masama kung paano ka pakitunguhan ng SCFHP, Tagapagbigay ng Plano, o ng Estado.

May karapatang pumili ang Mga Amerikanong Indian at Katutubo ng Alaska (American Indians and Alaska Natives (AIANs)) na tumanggap ng mga Serbisyo sa pangunahing pangangalaga sa Mga Indian Health Service Facilities o Federally Qualified Health Centers (FQHCs) o mula sa alinmang Tagapagbigay ng Plano na nasa geographic Service Area ng SCFHP (Santa Clara County). May karapatan din ang AIANs na manatili sa regular na Medi-Cal at hindi magpatala sa isang pinangangasiwaang plano ng pangangalaga.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Bilang Miyembro ng SCFHP, may karapatan ka na:

- Basahing mabuti ang lahat ng materyales ng SCFHP pagkatapos mong magpatala upang maunawaan mo kung paano gamitin ang mga Serbisyo ng SCFHP.
- Magtanong kapag may hindi naiintindihan tungkol sa iyong saklaw o pangangalagang medikal.
- Sundin ang mga alituntunin ng SCFHP sa pagiging miyembro na ipinaliliwanag sa EOC na ito.
- Maging responsable para sa kalusugan mo at ng iyong mga anak.
- Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang makabuo ng matibay na ugnayan batay sa tiwala at kooperasyon.

- Tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kapag kailangan mo ng karaniwan o madalian na pangangalagang pangkalusugan.
- Lulat sa iyong PCP ang mga hindi inaasahang pagbabago sa iyong kalusugan.
- Magtanong tungkol sa iyong kondisyong medikal. Tiyaking naunawaan mo ang mga sagot, at kung ano ang mga dapat mong gawin.
- Sundin ang mga ibinibigay ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na plano ng paggamot, at alamin kung ano ang maaaring mangyari kung hindi mo susundin ang plano ng paggamot.
- Magsagawa at pumunta sa tamang oras para sa mga medikal na appointment. Ipaalam sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng kahit na 24 oras man lang bago ang iyong nakatakdang appointment kung kailangan mong magkansela.
- Sabihin sa SCFHP ang tungkol sa anumang pagbabago sa: address; numero ng telepono; katayuang pampamilya, tulad ng pag-aasawa, diborsiyo, atbp.; at mga pagbabago sa iyong mga saklaw sa alinman sa iba pang pangangalagang pangkalusugan. Sabihin sa SCFHP ang tungkol sa mga pagbabagong ito sa sandaling malaman mo ang mga iyon o sa loob ng 10 araw ng mga pagbabagong ito.
- Tumawag o sumulat sa SCFHP sa lalong madaling panahon kung sa tingin mo ay hindi tama ang siningil sa iyo o mali ang bill.
- Pakitunguhan nang may paggalang at kagandahang-loob ang lahat ng tauhan at tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ng SCFHP.
- Magsumite ng mga kahilingan para sa claims reimbursement para sa saklaw na Serbisyo sa loob ng kinakailangang panahon.
- Maging tapat sa iyong pakikipagtransaksiyon sa SCFHP at sa Tagapagbigay ng Plano nito. Huwag gumawa ng panloloko o pagnanakaw o gumawa ng anumang bagay na nagbabanta sa ari-arian ng SCFHP o sa ari-arian o kaligtasan ng alinman sa mga kinatawan, empleyado ng Tagapagbigay ng Plano, o mga ahente nito.
- Lulat ang pagkakamali. Responsable ka sa pag-uulat sa SCFHP ng panloloko o pagkakamali sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong gawin ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa SCFHP Compliance Hotline sa 1-408-874-1450, pumunta sa www.scfhp.com, o maaari mong tawagan ng walang bayad ang California Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Fraud and Abuse Hotline sa 1-800-822-6222.